*Alameda Alliance for Health*

# Mga Gamot para sa Pagdepende sa Opioid

## Mga Inireresetang Opioid – Mga Pang-ibsan ng Pananakit

**Sa Alameda Alliance for Health (Alliance), narito kami para tulungan kang pamahalaan ang iyong kalusugan. Puwede mong gamitin ang gabay na ito para makontrol ang paggamit mo ng mga opioid.**

Kahit na gamitin ang mga opioid sa paraang sinabi ng doktor, puwede pa ring magresulta ang mga ito sa pagdepende o pagkalulong dito. Para magamot ang pagdepende sa opioid, isinasabay ng mga doktor ang mga gamot sa behavioral therapy. Tinatawag itong Paggamot sa Tulong ng Gamot (Medication-Assisted Treatment, MAT).

## MGA GAMOT PARA MABAWASAN ANG PAG-CRAVE NG OPIOID

Kung nahihirapan kang kontrolin ang paggamit mo ng mga opioid, makakatulong ang MAT. Magtanong sa iyong doktor tungkol sa mga gamot para mabawasan ang pag-crave ng opioid.

Posibleng maging mabisa para sa iyo ang tatlong (3) gamot sa ibaba:

1. **Ang Buprenorphine** ay mas ligtas na opsyon at makakatulong na pigilan ang pag-crave ng opioid.
2. **Sa Methadone**, nililinlang ang utak para isipin nitong nakakakuha pa rin ito ng mga opioid. Ibinibigay ito sa isang klinika para sa programa ng paggamot gamit ang opioid (opioid treatment program, OTP).
3. **Binabawasan naman ng Naltrexone** ang kagustuhang gumamit ng mga opioid. Ibinibigay ito sa tanggapan ng iyong doktor.



## GAMOT PARA MA-REVERSE ANG PAGKA-OVERDOSE

**Puwedeng masagip ng Naloxone** ang isang tao mula sa pagka-overdose sa opioid. Nagsisimula itong umepekto sa loob ng dalawa (2) hanggang tatlong (3) minuto. Available sa spray o itinuturok na device ang gamot, na parehong madaling gamitin.







**Kailangan ng higit pang suporta?**
Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance
Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm
Numero ng Telepono: **1.510.747.4567** • Toll-Free: **1.877.932.2738**
Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**
**www.alamedaalliance.org**

ALAMEDA Alliance FOR HEALTH

HE_MBR_RX OP DEP 08/2024
OP-3 HED Rev 07/2024